# Pagkilala sa mga Lokal na Panukala

California School DASHBOARD

Ang Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard) ay isang online na tool na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahahalagang impormasyon tungkol sa transitional kindergarten hanggang ikalabindalawang baitang na mga paaralan at distrito. Itinatampok ng Dashboard ang mga lokal na tagapagpahiwatig (na tinutukoy rin bilang mga panukala) na ginagamit ng mga lokal na ahensiyang pang-edukasyon (LEAs) gaya ng mga distrito, tanggapan ng edukasyon ng county (COEs), at charter na paaralan upang iulat ang pag-unlad batay sa lokal na datos. Para sa higit pang impormasyon sa Dashboard, bisitahin ang webpage ng Dashboard at Sistema ng Suporta ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE).

## Mga Pangunahing Serbisyo at Kalagayan (Prayoridad 1)

Nag-uulat ang LEA ng impormasyon na may kaugnayan sa kung may access ang mga estudyante sa mga materyal sa pagtuturo na naaayon sa kurikulum, at kung may access ang mga estudyante sa ligtas, malinis, at maayos na pasilidad ng paaralan. Awtomatikong ilalagay ng CDE sa Dashboard ang datos ng LEA sa Kinalabasan ng Pagsubaybay sa Pagtatalaga ng Pagtuturo.

## Pagpapatupad ng mga Pamantayang Pang-akademiko ng Estado (Prayoridad 2)

Nag-uulat ang LEA ng impormasyon na may kaugnayan sa kung paano nito ipinapatupad ang mga pamantayang pang-akademiko sa nilalaman at pagganap na pinagtibay ng estado para sa lahat ng estudyante at kung paano nakatutulong ang mga programa at serbisyong ibinibigay ng LEA upang mapabuti ng mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles ang kanilang pag-unawa sa nilalamang pang-akademiko at ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wikang Ingles.

## Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Pamilya (Prayoridad 3)

Nag-uulat ang LEA ng impormasyon na may kaugnayan sa kung paano nito itinataguyod ang pakikilahok ng mga magulang sa mga programa, kabilang na ang kung paano ito bumubuo ng ugnayan sa pagitan ng mga kawani ng paaralan at mga pamilya, pagbuo ng mga pakikipagtulungan upang mapabuti ang mga resulta ng estudyante, at paghingi ng input ng magulang sa paggawa ng desisyon.

## Survey sa Klima ng Paaralan (Prayoridad 6)

Nag-uulat ang LEA ng impormasyon na may kaugnayan sa kaunawaan ng mga estudyante, magulang, at guro sa kaligtasan at pakikipag-ugnayan sa paaralan.

## Access sa Malawak na Kurso ng Pag-aaral (Prayoridad 7)

Iniuulat ng (LEA) kung hanggang saan may access ang lahat ng estudyante—at naka-enroll—sa isang malawak na kurso ng pag-aaral kabilang ang English, Mathematics, Social Science, Science, Visual and Performing Arts, Health, and Physical Education.

## Pag-uugnay ng mga Serbisyo para sa mga Estudyanteng Pinaalis—COE Lamang (Prayoridad 9)

Nag-uulat ang COE ng impormasyon tungkol sa kung paano ito nakikipag-ugnayan sa mga distrito ng paaralan sa loob ng county upang matiyak na ang mga estudyanteng pinaalis ay nakatatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon na kailangan para maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral.

## Pag-uugnay ng mga Serbisyo para sa mga Kabataang nasa Pansamantalang Pangangalaga—COE Lamang (Prayoridad 10)

Nag-uulat ang COE ng impormasyon tungkol sa kung paano ito nakikipagtulungan sa Child Welfare upang mabawasan ang pagbabago ng paaralang pinapasukan at magbigay ng impormasyong pang-edukasyon para makatulong sa pagbibigay ng mga serbisyo para sa mga kabataang nasa pansamantalang pangangalaga, at kung paano ito tumutugon sa mga kahilingan mula sa hukuman ng kabataan at nakikipagtulungan dito upang matiyak ang pagbibigay at pag-uugnay ng mga kinakailangang serbisyong pang-edukasyon.

Dagdag pa rito, nag-uulat ang COE kung paano ito nagtatatag ng isang mekanismo para sa mabilis at mahusay na paglilipat ng mga rekord sa kalusugan at edukasyon at mga pasaporte.

## Mga Pamantayan ng Pagganap para sa mga Lokal na Panukala

Ang mga sumusunod ay ang mga pamantayan ng pagganap para sa mga lokal na panukala na nakalista sa itaas. Upang matugunan ang mga pamantayan para sa mga kinakailangan ng lokal na panukala, ang mga LEA ay dapat na

- taunang sukatin ang kanilang pag-unlad sa pagtugon sa mga kinakailangan ng bawat prayoridad ng Pormula sa Pagpopondo ng Lokal na Pamamahala (LCFF);
- iulat ang mga resulta bilang bahagi ng isang hindi awtomatikong aprubadong item sa parehong pampublikong pagpupulong ng lokal na namumunong lupon/ahensya kung saan ginagamit ang Plano sa Lokal na Pagkokontrol at Pananagutan; at
- iulat ang mga resulta sa publiko sa pamamagitan ng Dashboard gamit ang mga self-reflection tool na inaprubahan ng Lupon ng Edukasyon ng Estado (SBE) para sa bawat lokal na panukala. Available ang mga self-reflection tool ng SBE sa dokumento ng Mabilis na Gabay sa Lokal na Tagapagpahiwatig ng Pagganap na nasa website ng CDE.

Kapag natapos ng mga LEAs ang mga kinakailangan sa itaas, iuulat ng Dashboard ang lokal na panukala bilang “Nakatugon sa Pamantayan.” Kapag hindi natugunan ng isang LEA ang mga kinakailangan sa itaas, iuulat ng Dashboard ang lokal na panukala bilang “Hindi Nakatugon.” Kung hindi natugunan ng LEA ang kinakailangan sa loob ng dalawa o higit pang taon, iuulat ng Dashboard ang lokal na panukala bilang “Hindi Nakatugon sa Dalawa o Higit pang Taon.” Dagdag pa rito, iniuulat ng Dashboard ang maraming hanay ng datos na may kinalaman sa pagganap ng LEA sa bawat lokal na panukala.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang webpage ng Dashboard ng Paaralan sa California at Sistema ng Suporta ng CDE.

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.

Agosto 2025